


Si Jesus
Ba Ay
Nagpapagaling



Ng May
Sakit Ngayon?

Malinaw na inialay ni Jesus ang malaking bahagi ng Kaniyang ministeryo sa lupa sa pagpapagaling ng may sakit (Mateo 9:35,36). Ang pangunahing dahilan ng Kaniyang pagpapagaling ng mga may kapansanan ay hindi lamang para ipahayag ang Kaniyang kapangyarihan at kadosan; sinasabi sa atin ni San Mateo, “Nahabag siya sa kanila” (Mateo 9:35,36).

Ipinahayag ni Jesus na ipagpapatuloy ng Kaniyang mga alagad ang pagpapagaling ng mga may sakit, “Ipatatong nila ang kanilang mga kamay sa mga may-sakit, at sila’y magsisigaling” (Marcos 16:18). Sa mga ministeryo ng mga apostal na nasusulat sa Aklat ng Mga Gawa, ay nakatala ang mga milagro ng pagpapagaling. Mga Gawa 3:6-8; 9:32-41; 5:15,16; 19:11,12. Itinuro ni Santiago sa mga may-sakit sa iglesia na ipatawag ang mga matanda (mga pastor) sa iglesia na ipanalangin sila upang gumaling.

Si Jesus ba ay nagpapagaling ngayon? Isinulat ng may katha ng Aklat ng Hebreo, “Si Jesucristo ay siya ring kahapon at ngayon, oo, at magpakailanman” (13:8). Ngayon ay nakakarinig tayo at nakakabasa ng di mabilang na patotoo ng mga milagro ng pagpapagaling bilang tugon sa panalangin ng pananampalataya.

Iniiisip mo ba na hindi kalooban ng Diyos na ikaw ay pagalingin? Sinasabi sa atin ng Biblia ang tungkol sa isang ketongin na may ganitong isipan. Wika niya kay Jesus, “Panginoon, kung ibig mo ay maaaring malinis mo ako.” Sagot ni Jesus, “Ibig ko, malinis ka.” Mula rito ay ating makikita na kalooban ni Jesus ang magpagaling ngayon at kahit kailan. Oo, ang pagpapagaling sa may-sakit ay isang pagpapala at kapunuan ng buhay Kristiano. Ngayon, paano matatanggap ang pagpapalang ito?

Ang mga sumusunod ay apat na paraan upang tumanggap ng kagalingang nanggagaling sa Diyos.

1. Ang panalangin ng pananampalataya ng mga matanda ng iglesia. Isinulat ni Santiago, “May sakit baga ang sinoman sa inyo? Ipatawag niya ang mga matanda sa iglesia; at ipanalangin nila siya, na pahiran nila ng langis sa pangalan ng Panginoon: at ang panalangin ng pananamapalataya ay magligtas sa may sakit, at ibabangonsiya ng Panginoon” (5:14,15). May kabutihang idinudulot ang paggamit ng paraang ito. Ang pananampalataya ng mga matanda ay nadaragdag sa taong may sakit. Ito ang paraang malimit gamitin ng mga kasapi ng iglesia.
2. Ang isa pang paraan ay ang pakikiisa sa ibang mananamplalataya na manalangin para sa kagalingan. Wika ni San Mateo, “Kung pagkasunduan ng dalawa sa inyo sa lupa ang nauukol sa anomang bagay na kanilang hihingin, ay gagawin sa kanila ng aking Ama na nasa langit” (18:19). Ang ganitong uri ng pagkakaisa sa panalangin ay nagpapahayag ng pag-ibig na nararapat ipahayag sa katawan ng mga mananamplalataya. Kapag ang panalangin ay pinangungunahan ng pag-ibig ng Diyos, ito ay tunay na makapangyarihan at malaki ang nagagawa.
3. Ang kahawig na paraan ay ang nagkakaisang panalangin ng magkakapatid na Kristiano sa isa’t isa. Itinuro ni Santiago ang sumusunod, “Mangagpahayagan nga kayo sa isa’t isa ng inyong mga kasalanan, at ipanalangin ng isa’t isa ang iba, upang kayo’y magsigaling.” Maaaring ang kaniyang tinutukoy ay ang ilang may sakit na ipinanalangin ang isa’t isa upang gumaling. Kung minsan ay higit na madali sa mga taong nasa magkatulad na kalagayan ang magtulungan sa pangangailangan ng isa’t isa at magkaroon ng kahabagan sa isa’t isa. Gayon din, kung kailangan ang pagpapahayag ng kasalanan na nagiging hadlang sa pananampalataya, higit na madali doon sa mayroong magkatulad na pangangailangan. Ang nagkakaisang pananampalataya ay tunay na malaki ang nagagawa.
4. Ang panalangin ng lihim sa pangalan ni Jesus ay isang paraan na may masaganang pangako. Wika ni Jesus sa kaniyang mga alagad: “At ang anomang inyong hingin sa aking pangalan, ay yaon ang aking gagawin upang ang Ama ay lumuwalhati sa Anak. Kung kayo’y magsisihingi ng anoman sa pangalan ko, ay yaon ang aking gagawin”

(Juan 14:13,14). Kapag tayo ay nanalangin para sa kagalingan sa pangalan ni Jesus na humahantong sa kagalingan natin at pinalalaya tayo ng Diyos, ito ay nagbibigay luwalhati sa Ama. Ang ama ay naluluwalhati sa tumutubos at nagpapagaling na kapangyarihan ng Anak, si Jesus. Ulit na sinabi ni Jesus, “Ang lahat ng mga bagay na inyong idinadalangin at hinihingi, ay magsisampalataya kayo na inyong tinanggap na, at inyong kakamtin” (Marcos 11:24). Kapag tayo ay nanalangin ng may pananampalataya tayo ay nagtitiwala ng ang ating panalangin ay tinugon na samantalang tayo ay nanalangin pa at ating tinanggap ang pagpapala bilang madaliang kaloob ng kahabagan ng Diyos. Kung ikaw ay nag-iisa, panindigan mo ang nabanggit na pangako at magtiwala na ang Diyos ay magiging tapat sa Kaniyang pangako.

Ating binanggit ang ang apat na paraan sa pagtanggap ng kagalingan, at walang alinlangan, mayroon pang iba. Ang Diyos ay mahabagin at nagbibigay ng iba't ibang paraan ng paglapit sa Dakilang Manggagamot. Ako'y nakatitiyak na sa oras ng pangangailangan ay ipakikita ng Banal na Espiritu ang pinakamabuting paraan na nais Niyang ating gamitin. Samantalahin mo, kaibigan ang may pagpapalang paraan ng ating mahabaging Panginoon na Kaniyang ibinigay para sa lubos na katubusan ng ating kabuuan bilang tao, para sa katawan gayon din sa kaluluwa at sa espiritu.

Mahal na kaibigan, kung hindi mo pa tinatanggap si Kristo bilang sarili mong Tagapagligtas, tumawag ka sa Kaniya ngayon na may pananampalataya. Ang kagalingan kalimitan ay kasabay na tinatanggap ng kapatawaran sa kasalanan.

Does Jesus Heal The Sick Today?—Tagalog

Written by N. M. Van Cleave

Illustration by Eric Jansen

Foursquare Missions Press © 2005